

### WARM-UP

- Anong libro, pelikula, o palabas tungkol sa batas ang ikinatuwa mo? Ano ang nagustuhan mo dito?
- Ano ang reaksyon mo kapag sinasabi ng mga tao na, “Hindi talaga tinutupad ang mga pangako”? Bakit?
- Sa panahon ngayon, paano mo napapatunayang totoo ang isang bagay? Saan ka pumupunta para tiyakin ang katotohanan?

**WORD** *Ang inyong mga turo ay matuwid at walang hanggan. Bigyan n'yo ako ng pang-unawa upang patuloy akong mabuhay. SALMO 119:144*

(Basahin din ang **SALMO 119:137-143**.)

Alam at ipinapahayag ng Salmista ang tungkol sa katangian at salita ng Diyos. Ang Diyos ay matuwid, hindi nagbabago, at maaasahan; ang Kanyang salita (o ang Kanyang mga paghatol, pangako, at kautusan) ay katiwa-tiwala at kalugod-lugod. Anuman ang pinagdaraan natin sa bawat sandali ng ating buhay, makakaasa tayo sa kung sino Siya at kung ano ang sinasabi Niya. Tuwing tinitingnan natin ang Diyos at pinipili nating sumunod sa Kanyang salita, hindi tayo matitinag, maguguluhan, o mabibigo. Sa araling ito, titingnan natin ang tatlong katotohanan tungkol sa salita ng Diyos mula sa talatang ito.

## 1 | Ang mga paghatol ng Diyos ay laging matuwid.

<sup>137</sup>Matuwid kayo, PANGINOON, at tama ang inyong mga paghatol. <sup>138</sup>Ang inyong ibinigay na mga turo ay matuwid at mapagkatiwalaan. <sup>139</sup>Labis ang aking galit dahil binalewala ng aking mga kaaway ang inyong mga salita. **SALMO 119:137-139**

Gaya ng pagbaba ng anunsyo o hatol ng hari sa abot ng kanyang makakaya ayon sa iniisip niyang tama, gumagawa rin ang Diyos ng mga paghatol ayon sa Kanyang katuwiran at katapatan. Bagama't hindi tayo maililigtas o mapapamahalaan ng hari nang walang kamalian, kaya ito ng Diyos at ginagawa Niya ito. Sa katunayan, ang katuwiran ng Diyos ang nagbigay ng daan upang maging matuwid ang buhay natin. Hindi lamang tayo inaasahan ng Diyos na sumunod sa Kanyang mga tuntunin; ipinanunumbalik Niya tayo sa Kanyang sarili at ginagawa Niya tayong matuwid sa Kanyang harapan. Paano ka nabibigyan ng katiyakan at kaginhawahan ng katotohanang ito?

---

---

## 2 | Ang mga pangako ng Diyos ay napatunayang maaasahan.

<sup>140</sup>Napatunayan na maaasahan ang inyong mga pangako, kaya napakahalaga nito sa akin na inyong lingkod. <sup>141</sup>Kahit mahirap lang ako at inaayawan, hindi ko kinakalimutan ang inyong mga tuntunin. **SALMO 119:140-141**

Sa gitna ng iba't-ibang mga sitwasyon at pagsubok, ang salita ng Diyos (na tinutukoy din bilang isang pangkalahatang pangako) ay sinubukan at napatunayang maaasahan. Noong tayo ay mahirap lang at inaayawan tulad ng Salmista at humaharap sa mga kabiguan at nabigong pangako mula sa iba, ang mga pangako ng Diyos ay nananatili at natutupad. Kapag tayo ay mahina, nababalisa, at nagkukulang, maaari tayong tumingin sa Diyos at sa Kanyang mga pangakong napatunayang maaasahan. Magbahagi ng isang pagkakataon kung kailan ang salita ng Diyos ay nasubukan at napatunayang maaasahan sa buhay mo.

---

---

### 3 | Ang kautusan ng Diyos ay laging totoo.

<sup>142</sup>Walang katapusan ang inyong katuwiran, at ang inyong kautusan ay batay sa katotohanan. <sup>143</sup>Dumating sa akin ang mga kaguluhan at kahirapan, ngunit ang inyong mga utos ay nagbibigay sa akin ng kagalakan. **SALMO 119:142-143**

Gusto man natin o hindi, naniniwala man tayo o hindi, ang salita ng Diyos (o kautusan) ay laging tunay, nananatili, at matapat. Maglalaho ang lahat—pati na ang langit at lupa—ngunit hindi maglalaho ang salita ng Diyos (Mateo 24:35). Mananatili ito magpakailanman (1 Pedro 1:24–25). Mapagkakatiwalaan ang Kanyang salita, gaya ng pagtuturo ng isang ama sa kanyang anak. Sa tingin mo, bakit nagiging mahirap para sa ilan ang maniwala na ang kautusan ng Diyos ay laging totoo? Paano ito nagbibigay ng katiyakan at buhay?

---

---

Gaya ng ginawa ng Salmista, maihahayag natin ang ating pag-asa at pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang salita. Nawa'y lagi nating piliin ang salita, dahil ito ay tama, napatunayang maaasahan, at totoo.

#### APPLICATION

- Maglaan ng panahon ngayong linggo upang pag-isipan ang katotohanan ng salita ng Diyos. Paano mo makakaugalian ang pagpili sa salita ng katotohanan araw-araw?
- Kabisaduhin ang Salmo 119:140: *Napatunayan na maaasahan ang inyong mga pangako, kaya napakahalaga nito sa akin na inyong lingkod.* Bigkasin ito nang paulit-ulit at gawin itong panalangin mo ngayong linggo.
- Alam mo ba ang sinasabi ng Bibliya mula sa umpisa hanggang sa huli? Paano ka lalago sa iyong pagmamahal sa salita ng Diyos at aasa rito araw-araw? Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng mga pagkakataong maibahagi ang iyong pananampalataya sa iba ngayong linggo.

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang kabanalan at katapatan. Ipanalangin na lalo mong makilala ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita sa bawat araw na dumaraan.
- Ideklara ang Salmo 119:140: *Napatunayan na maasahan ang inyong mga pangako, kaya napakahalaga nito sa akin na inyong lingkod.* Pagnilayan ang talatang ito ngayong linggo at ipanalangin lumago ang pananampalataya mo sa Diyos.
- Humingi ng lakas ng loob at tapang sa Diyos na ibahagi sa iba ang tungkol sa Kanya. Ipanalangin na kung paanong natutunan ng Salmista na awitin at itala ang kabutihan ng Diyos, maisasapamuhay mo ang iyong pananampalataya sa iyong pamilya at komunidad.

## NOTES

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Leonardo Angcajas Jr.

victory.org.ph